Pangalan: ___________________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Elemento ng Maikling Kuwento 4**

A. **Panuto:** Tukuyuin ang tamang elemento ng kuwentong inilalarawan sa bawat bilang bilugan ang tamang sagot.

1. *Si Rheydel ay isang batang siyam na taong gulang*. Ito ay tumutukoy sa taong gumaganap o inilalarawan sa kuwento.

a. Tauhan b. Tagpuan c. Banghay d. Pangyayari

2. *Nanatili si Rheydel sa loob ng kanilang bahay*. Ito ay tumutukoy kung saan naganap ang kuwento.

a. Tauhan b. Tagpuan c. Banghay d. Pangyayari

3. *Si Rheydel ay isang batang masipag sa pag-aaral. Lagi siyang nakakukuha ng medalya sa sinasalihan niyang mga paligsahan sa paaralan*. Tumutukoy ito sa tauhan, tagpuan, at pangyayari na magbibigay-daan sa suliranin sa kuwento.

a. Wakas b. Simula c. Kasukdulan d. Gitna

4. *Sobrang lungkot ang naramdaman ni Rheydel. Pakiramdam niya, hihina ang kaniyang katawan. Wala na kasi siyang ibang gawain na magpapasigla sa kaniyang isip at katawan*. Sa bahaging ito ng kuwento malulutas ng tauhan ang kaniyang suliranin.

a. Wakas b. Simula c. Kasukdulan d. Pangyayari

5. *"Masaya palang manatili sa loob ng bahay. Ang daming puwedeng matutuhan," pagmamalaking wika ni Rheydel sa sarili habang tinitingnan ang bunga ng kaniyang bagong talentong natutuhan*. Ito ang banghay ng kuwento na nagsasaad ng panghuling mensahe sa mambabasa.

a. Wakas b. Simula c. Kasukdulan d. Pangyayari

6. Ito ay tumutukoy sa lugar na pinangyarihan ng kuwento gayundin ang panahon kung kailan ito naganap.

a. Banghay b. Tauhan c. Tagpuan d. Pangyayari

7. Ito ay tumutukoy sa isang elemento ng kuwento na nagbibigay-buhay at gumaganap sa mga pangyayari sa kuwento.

a. Banghay b. Tauhan c. Tagpuan d. Pangyayari

8. Ang elementong ito ay tumutukoy sa pagkakaayos ng mga bahagi ng kuwento mula sa simula, kasukdulan, hanggang sa wakas.

a. Banghay b. Tauhan c. Tagpuan d. Pangyayari

9. Sa pagsulat ng kuwento, mahalaga ang sumusunod na bahagi o banghay maliban sa isa.

a. Simula b. Kasukdulan c. Wakas d. Gitna

10. Tumutukoy sa lugar na pinangyarihan ng kuwento gayundin ang panahon kung kailan ito naganap.

a. Banghay b. Tauhan c. Tagpuan d. Pangyayari